

**No. 15177**

---

**PHILIPPINES  
and  
INDONESIA**

**Extradition Treaty (with protocol). Signed at Jakarta on  
10 February 1976**

*Authentic texts: Pilipino, Indonesian and English.  
Registered by the Philippines on 4 January 1977.*

---

**PHILIPPINES  
et  
INDONÉSIE**

**Traité d'extradition (avec protocole). Signé à Jakarta le  
10 février 1976**

*Textes authentiques : philippin, indonésien et anglais.  
Enregistré par les Philippines le 4 janvier 1977.*

[PILIPINO TEXT — TEXTE PHILIPPIN]

## KASUNDUAN SA EKSTRADISYON NG REPUBLIKA NG PILIPINAS AT NG REPUBLIKA NG INDONESIA

Ang Republika ng Pilipinas at ang Republika ng Indonesia,

Sa hangaring higit na maging mabisa ang pagtutulungan ng dalawang bansa sa pagsugpo ng krimen at, higit sa lahat, ay pangalagaan at sa gayon ay patatagin ang kanilang ugnayang nauukol sa ekstradisyon,

Ay nagkasundo ayon sa sumusunod:

### *Artikulo I. PANANAGUTAN SA PAGPAPABALIK*

Sumasang-ayon ang bawat Nagkakasundong Panig na ibalik sa kabilang bansa, batay sa mga pangyayari at ayon sa mga nakasaad na tadhana sa Kasunduang ito, ang mga taong matatagpuan sa teritoryo nito na nasasakdal o naparatangan ng, napatunayang nagkasala o nahatulan sa, alin man sa mga krimeng napapaloob sa Artikulo II ng Kasunduang ito na ginawa sa teritoryo ng kabilang bansa, o sa labas nito batay sa mga tadhanang tinutukoy sa Artikulo IV.

### *Artikulo II. MGA KRIMENG SAKLAW NG EKSTRADISYON*

A. Alinsunod sa mga tadhana ng Kasunduang ito, ibabalik ang mga taong nasasakdal o naparatangan ng, napatunayang nagkasala o nahatulan sa, alinman sa mga sumusunod na krimen sa kondisyong ang mga krimeng ito ay mapapatawan sa mga batas ng dalawang Nagkakasundong Panig ng parusang kamatayan o pagkabilanglanggong hihigit sa isang taon:

1. Pagpatay; parisidyo; inpantisidyo; at omisidyo;
2. Panggagahasa; labag sa batas na panghahalay sa mga menor-de-edad na tinutukoy ng mga batas penal ng dalawang Nagkakasundong Panig;
3. Pagdukot; pagkidnap;
4. Pambubugbog; pananakit; nabigong pagpatay;
5. Illegal o di-makatwirang pagdetini;
6. Pang-aalipin; pambubusabos;
7. Pagnanakaw;
8. Estapa; paglustay ng salapi; panlilinlang; pandaraya; panloloko;
9. Pangingikil; pananakot; pagbabanta;
10. Panunuhol o pagtanggap ng suhol; katiwalian; masamang panunungkulan;
11. Palsipikasyon; pagsumpa nang walang katotohanan;
12. Panghuhuwad ng kasulatan o salapi;
13. Pagpupuslit;
14. Panununog; paninira ng ari-arian;
15. Pandarambong; pag-aalsa;
16. Mga paglabag sa batas hinggil sa narkotiko, mapanganib o bawal na gamot o bawal na kemikal;
17. Mga paglabag sa batas hinggil sa mga sandatang pumuputok, paputok, o pampasabog.

B. Ipagkakaloob din ang ekstradisyon sa pagkakasangkot sa alinman sa mga krimeng nabanggit sa Artikulong ito, hindi lamang bilang mga pangunahing nagkasala o kasabwat, kundi bilang mga kasapatat din, at maging sa pagtatangkang gumawa o sabwatang gumawa ng alinman sa mga naturang krimen, kung ang gayong pagkakasangkot, pagtatangka o sabwatan ay maparurusahan ng pagkabilanggong hihigit sa isang taon sa ilalim ng mga batas ng dalawang Nagkakasundong Panig.

K. Maaari ding ipagkaloob ang ekstradisyon sa pagpapasiya ng hinihilingang Panig tungkol sa iba pa mang krimen na maaari itong ipagkaloob alinsunod sa mga batas ng dalawang Nagkakasundong Panig.

D. Kapag humiling ng ekstradisyon sa alinmang krimeng hindi napapaloob sa mga talataan A, B o K ng Artikulong ito ang krimeng iyon ay maparurusahan ng pagkabilanggong hihigit sa isang taon sa ilalim ng mga batas ng dalawang Nagkakasundong Panig, ang gayong krimen ay masasaklaw ng ekstradisyon sa ilalim ng mga tadhana ng Kasunduang ito magkauri man ng kategoriya o hindi ang krimeng iyon sa mga batas ng dalawang Nagkakasundong Panig o magkatulad man o hindi ng tawag sa krimeng iyon, sa kondisyong tumutugon ang mga elemento ng krimen sa isa o higit pang krimen na binabanggit sa Artikulong ito sa ilalim ng mga batas ng dalawang Nagkakasundong Panig.

### *Artikulo III. PINANGYARIHAN*

Maaaring tumanggi ang hinihilingang Panig na ibalik ang isang tao na pinaghabol sa isang krimeng itinuturing ng mga batas nito na kabuuan o may bahaging ginawa sa teritoryo nito o sa isang lugar na itinuturing na teritoryo nito.

### *Artikulo IV. KINAUKULANG TERITORYO*

A. Ang tinutukoy ng Kasunduang ito na teritoryo ng isang Nagkakasundong Panig ay tumutukoy sa lahat ng teritoryong saklaw niyong Nagkakasundong Panig, kabilang ang himpapawid nito, saklaw na karagatan at baybayin, at sa mga sasakyangdagat at sasakyang panghimpapawid na nakarehistro doon sa Nagkakasundong Panig kung ang alinmang gayong sasakyangdagat ay nasa karagatan nang maganap ang krimen. Sa ikalilina ng Kasunduang ito, ituturing na lumilipad ang isang sasakyang panghimpapawid mula sa sandaling masara ang lahat nitong pintuang panlabas matapos makapaglulan hanggang sa sandaling mabuksan ang alinmang gayong pintuan para makapagbaba ng sakay.

B. Kapag hiniling ang ekstradisyon sa isang krimeng ginawa sa labas ng teritoryo ng humihiling na Bansa, nasa kapangyarihan ng Pamahalaan ng hinihilingang Bansa ang pagkakaloob ng ekstradisyon kung ang mga batas ng hinihilingang Bansa ay nagpapataw ng parusa sa krimeng ginawa sa mga katulad na pangyayari.

K. Ang pagtiyak sa teritoryo ng hinihilingang Panig ay masasalig sa mga pambansang batas nito.

### *Artikulo V. MGA KRIMENG PAMPULITIKA*

A. Hindi ipagkakaloob ang ekstradisyon kung ang krimeng tinutungkol sa paghiling nito ay itinuturing ng hinihilingang Panig na isang krimeng pampulitika.

B. Kung may alinlangan sa pagiging krimeng pampulitika ng isang kaso, bibigyang-halaga ang pasiya ng mga maykapangyarihan ng hinihilingang Bansa.

K. Sa ikalilina ng Kasunduang ito, ang pagpatay o tangkang pagpatay sa Puno ng Bansa o Puno ng Pamahalaan ng alinman sa mga Nagkakasundong Panig o sa isa niyang kaanak ay hindi ituturing na isang krimeng pampulitika.

*Artikulo VI. EKSTRADISYON NG MGA MAMAMAYAN*

A. May karapatan ang bawat Panig na tumanggi sa ekstradisyon ng mamamayan nito.

B. Kapag tumangging isuko ng hinihilingang Panig ang mamamayan nito, ihaharap ng Panig na iyon sa kahilingan ng humihiling na Panig ang kaso sa mga kinauukulang maykapangyarihan ng una para pag-usigin. Sa layuning ito, ibibigay ng humihiling na Panig sa hinihilingang Panig ang mga tala, impormasyon at eksibit na kaugnay sa krimen.

K. Sa gayon isinasaad ng talataan B ng Artikulong ito, hindi kinakailangang iharap ng hinihilingang Panig ang kaso sa mga kinauukulan nitong maykapangyarihan para pag-usigin kung walang kapangyarihan dito ang mga maykapangyarihan.

*Artikulo VII. MGA KATALIWASAN SA PANANAGUTAN SA PAGESUSUKO*

Hindi ipagkakaloob ang ekstradisyon sa alinman sa mga sumusunod na pangyayari:

1. Kapag ang ipinasusukong tao ay nalitis na at napawalang-sala o naparusahan na sa ibang Bansa para sa krimeng nauukol sa hinihiling na ekstradisyon;
2. Kapag ang pag-uusig o pagpapataw ng parusa ukol sa krimen ay nawalang-bisa sa pamamagitan ng kautusan o paglipas ng panahon sa alinman sa mga Nagkakasundong Panig;
3. Kapag ang krimen ay kinapapalooban ng isang paglabag laban sa batas o mga alituntunin ng hukbo na hindi isang krimen sa ilalim ng karaniwang batas kriminal.

*Artikulo VIII. MULING PAG-UUSIG*

Hindi rin ipagkakaloob ang ekstradisyon sa alinman sa sumusunod:

- A. Kapag nabigyan na ng pangwakas na hatol ng mga kinauukulang maykapangyarihan ng hinihilingang Panig ang pinaghahabol na tao kaugnay ng krimen o mga krimeng nauukol sa hinihiling na ekstradisyon;
- B. Kapag ang ipinasusukong tao ay pinag-uusig o nasasakdal o nahatulan na at pinawalang-sala o pinatawan ng parusa ng hinihilingang Bansa para sa krimeng nauukol sa hinihiling na ekstradisyon.

*Artikulo IX. NATATANGING PAGPAPASIYA*

Ang isang isinukong tao ay hindi pag-uusigin, papatawan ng parusa o idedetini para sa ano mang krimeng iba pa sa kinauukulan niyang ekstradisyon na ginawa bago siya isuko liban sa mga sumusunod na kaso:

- (a) Kapag may pahintulot ng hinihilingang Panig na nagsuko sa kanya. Ihaharap ang isang kahilingan sa pahintulot sa hinihilingang Panig, kalakip ang mga kasulatang binabanggit sa Artikulo XVII, Ibibigay ang pahintulot kapag ang krimeng nauukol sa kahilingan ay saklaw mismo ng ekstradisyon alinsunod sa mga tadhana ng Artikulo II ng Kasunduang ito; at
- (b) Kapag ang isinukong tao, kahit may pagkakataon, ay hindi umalis sa teritoryo ng Panig na pinagsukuan sa kanya sa loob ng 45 araw pagkaraan ng lubos na pagpapalaya sa kanya, o kapag bumalik siya sa teritoryong iyon makaraang umalis dito.

*Artikulo X. PARUSANG KAMATAYAN*

Kung ang krimeng nauukol sa hiniling na ekstradisyon ay maparurusahan ng kamatayan sa ilalim ng batas ng humihiling na bansa, at kung sa gayong krimen ay

walang kaukulang parusang kamatayan na itinatadhana sa batas ng hinihilingang Panig o hindi ito karaniwang isinasagawa, maaaring tanggihan ang ekstradisyon maliban kung mangangako ang humihiling na Panig na sa palagay ng hinihilingang Panig ay sapat ang katibayan na hindi isasagawa ang parusang kamatayan.

#### *Artikulo XI. PANSAMANTALANG PAGDAKIP*

(1) Kapag kailangang-kailangan, maaaring hilingin ng mga kaukulang maykapangyarihan ng humihiling na Panig ang pansamantalang pagdakip sa pinaghahabol na tao. Ito ay paypapasiyahan ng mga kaukulang maykapangyarihan ng hinihilingang Panig alinsunod sa batas nito.

(2) Kailangang nasasaad sa kahilingan sa pansamantalang pagdakip na may mga kasulatang binabanggit sa Artikulo XVII at nilalayan ito sa paghiling ng ekstradisyon. Kailangang nasasaad din ang krimeng nauukol sa hinihiling na ekstradisyon at kailan at saan naganap ang gayong krimen at kailangang hangga't maaari ay magbigay ng isang paglalarawan ng pinaghahabol na tao.

(3) Ang isang kahilingan sa pansamantalang pagdakip ay kailangang ipadala sa Indonesiya, sa National Central Bureau (NCB) Indonesia Interpol, at sa Pilipinas sa Pambansang Kawanihan ng Pasisiyasat, kahit sa pamamagitan ng mga hatirang diplomatiko o tuwiran sa koreo o pahatirang-kawad o sa pamamagitan ng International Criminal Police Organization (INTERPOL).

(4) Kailangang ipaalam agad sa humihiling na maykapangyarihan ang kinalabasan ng kahilingan nito.

(5) Maaaring itigil ang pansamantalang pagdakip kung sa loob ng 20 araw makaraan ang pagdakip ay hindi pa natatanggap ng hinihilingang Panig ang kahilingan sa ekstradisyon at ang mga kasulatang binabanggit sa Artikulo XVII.

(6) Ang pagpapalaya mula sa pansamantalang pagdakip ay hindi makahahadlang sa muling pagdakip at ekstradisyon kung pagkaraan ay matatanggap ang isang kahilingan sa ekstradisyon.

#### *Artikulo XII. EKSTRADISYON NG PINAGHAHABOL NA TAO*

(1) Kailangang ipaalam ng hinihilingang Panig sa humihiling na Panig sa pamamagitan ng mga hatirang diplomatiko ang pasiya nito hinggil sa kahilingan sa ekstradisyon.

(2) Kailangang magbigay ng mga dahilan sa ano mang pagtangi.

(3) Kapag sumang-ayon sa kahilingan, kailangang ipaalam sa humihiling na Panig ang lugar at petsa ng pagsusuko at ang tagal ng pagkakakulong ng pinaghahabol na tao bago ito isuko.

(4) Batay sa mga tadhana ng talataan (5) ng Artikulong ito, kapag hindi kinuha ang pinaghahabol na tao sa petsang tipanan, maaari siyang palayain pagkalipas ng 15 araw at sa ano mang pangyayari ay palalayain pagkalipas ng 30 araw at maaaring tumanggi ang hinihilingang Panig na isuko siya sa gayon ding pagkakasala.

(5) Kung may mga pangyayaring di-maiiwasan na makahahadlang sa isang Panig upang isuko o kunin ang isusukong tao, kailangang patalastasan nito ang kabilang Panig. Kailangang pagkasunduan ng dalawang Panig ang panibagong petsa ng pagsusuko at dito magkakabisa ang mga tadhana ng talataan (4) ng Artikulong ito.

#### *Artikulo XIII. INILIBANG PAGSUSUKO*

Matapos pagpasiyahan ng hinihilingang Panig ang kahilingan sa ekstradisyon, maaari nitong ipagpaliban ang pagsusuko sa pinaghahabol na tao upang siya ay ma-

pag-usig ng Panig na iyon o kung siya ay nahatulan na, ay mapagsilbihan niya ang kanyang sentensiya sa teritoryo ng Panig na iyon para sa isang krimeng bukod pa sa nauukol sa hinihiling na ekstradisyon.

*Artikulo XIV. PAGSUSUKO NG ARI-ARIAN*

(1) Kung ipinahihintulot ng batas nito at sa kahilingan ng humihiling na Panig, sasamsamin at isusuko ng hinihilingang Panig ang mga ari-arian na:

(a) kakailanganin bilang ebidensiya, o

(b) natamo sa pamamagitan ng krimen at sa oras ng pagdakip ay natagpuan sa pag-iingat ng pinaghahabol na tao o natuklasan ito pagkaraan.

(2) Ang nabanggit na ari-arian sa talataan (1) ng Artikulong ito ay isusuko kahit hindi maisasagawa ang napagkasunduang ekstradisyon dahil sa pagkamatay o pagtakas ng pinaghahabol na tao.

(3) Kapag ang naturang ari-arian ay kailangang samsamin o kumpiskahin sa teritoryo ng hinihilingang Panig kaugnay ng mga nabibimbing pag-uusig sa krimen, maaari itong pansamantalang ingatan ng hinihilingang Panig o isuko ito sa kondisyong ito ay ibalik.

(4) Mananatili ang ano mang karapatang hawak ng hinihilingang Panig o ng iba pa mang Bansa sa naturang ari-arian. Saan man umiiral ang ganitong mga karapatan, kailangang ibalik ang ari-arian nang walang sagutin sa hinihilingang Panig sa sandaling matapos ang paglilitis.

*Artikulo XV. PAMAMARAAN*

Ang pamamaraan tungkol sa ekstradisyon at pansamantalang pagdakip sa taong hinihiling na isuko ay sasailalim sa batas ng hinihilingang Panig.

*Artikulo XVI. MGA GUGULIN*

Sasagutin ng hinihilingang Panig ang mga nagugol sa teritoryo ng Panig na iyon bunga ng ekstradisyon.

*Artikulo XVII. KAHILINGAN AT MGA KAUGNAY NA KASULATAN*

(1) Kailangang nasusulat ang isang kahilingan sa ekstradisyon at ipadadala sa Indonesya sa Ministro ng Katarungan, at sa Pilipinas sa Kalihim ng Katarungan, sa pamamagitan ng mga hatirang diplomatiko.

(2) Ang kahilingan ay kailangang patunayan ng:

(a) orihinal o isang tunay na sipi ng hatol at kalapatang sentensiya o ng mandamyento de aresto o iba pang utos na may ganitong bisa at ipinalabas alinsunod sa itinatakang alituntunin sa batas ng humihiling na Panig;

(b) isang ulat sa krimeng nauukol sa hinihiling na ekstradisyon. Ilalahad nang tumapak ang oras at lugar nang isagawa ito, ang legal na paliwanag dito at isang pagbanggit sa mga nauugnay na tadhana ng batas; at

(c) isang sipi ng nauugnay na pagsasabatas o, kung hindi magagawa ito, isang paglalahad ng nauugnay na batas, at isang tamang paglalarawan ng pinaghahabol na tao, kabilang ang iba pa mang impormasyon na makatutulong sa pagpatunay ng kanyang katauhan at nasyonalidad.

(3) Masasaad sa wikang Ingles ang mga kasulatang gagamitin sa isasagawang ekstradisyon.

*Artikulo XVIII. MARAMIHANG KAHILINGAN*

Pagpapasiyahan ng isang nagkakasundong Panig, na tumanggap ng dalawa o higit pang kahilingan para sa ekstradisyon ng isang tao sa isang krimen o sa iba't ibang krimen, kung saang humihiling na Bansa nito isusuko ang pinaghahabol na tao, na isasaalang-alang ang mga pangyayari at higit sa lahat kung maaaring isagawa sa ibang panahon ang ekstradisyon sa pagitan ng mga humihiling na Bansa, ang bigat ng bawat krimen, sa pinangyarihan ng krimen, ang nasyonalidad ng pinaghahabol na tao, ang petsa nang tanggapin ang mga kahilingan at ang mga tadhana ng ano mang kasunduan sa ekstradisyon sa pagitan ng Panig na iyon at ng iba pang humihiling na Bansa o mga Bansa.

*Artikulo XIX. PAG-AAYOS NG SALUNGATAN*

Ano mang salungatan ng dalawang Panig bunga ng pagpapakahulugan o pagpapatupad sa Kasunduang ito ay maayos na lulutasin sa pamamagitan ng sanggunian o pag-uunawaan.

*Artikulo XX. MGA TADHANANG PANSAMANTALA*

Ang isang krimeng sinimulan bago sumapit ang petsa ng pagkakabisa ng Kasunduang ito subali't naganap pagkaraan ng petsa ng pagkakabisa ng Kasunduang ito ay masasaklaw ng ekstradisyon batay sa Kasunduang ito.

*Artikulo XXI. PAGKAKABISA*

Magkakabisa ang Kasunduang ito sa petsa ng palitan ng mga Kasulatan sa Pagpapatibay.

*Artikulo XXII. PAGWAWAKAS*

Maaaring wakasan ng alinmang Panig ang Kasunduang ito sa ano mang oras, sa pamamagitan ng anim na buwang paunang-sabi ukol sa ganitong layunin. Hindi makapigil ang gayong pagwawakas sa ano mang pag-uusig na sinimulan bago pa ibigay ang gayong pasabi.

BILANG KATUNAYAN NITO, ang nakalagda sa ibaba, na pinagkalooban ng karampatang kapangyarihan ng kanilang Pamahalaan, ay lumagda sa Kasunduang ito.

GINAWA sa tatlong sipi sa Jakarta, Indonesia ng ika 10 araw ng Pebrero, 1976, sa mga wikang Pilipino, Indones at Ingles, pawang mapananaligan ang lahat ng nasasaad. Kapag nagkakaiba ng pakahulugan, mananaig ang nasasaad sa Ingles.

Para sa Pamahalaan  
ng Republika ng Pilipinas:

[Signed — Signé]<sup>1</sup>

Para sa Pamahalaan  
ng Republika ng Indonesia:

[Signed — Signé]<sup>2</sup>

## PROTOKOL

Ang Republika ng Pilipinas at ang Republika ng Indonesia, sa hangaring magiging maliwanag ang pakahulugan sa bahaging iyon ng Kasunduan sa ekstradisyon hinggil sa kaukulang teritoryo nito, ay nagkasundo sa Protokol na ito:

<sup>1</sup> Signed by Vicente Abad Santos—Signé par Vicente Abad Santos.

<sup>2</sup> Signed by Mochtar Kusumaatmadja—Signé par Mochtar Kusumaatmadja.

Na tanging pag-aari ng Republika ng Indonesia ang isang pulong tinatawag na Las Palmas (P. Miangas) bunga ng kaloob na hatol na ginawa noong Abril 4, 1923 (Ang Estados Unidos ng America at ang Netherlands).

BILANG KATUNAYAN NITO, ang nakalagda sa ibaba, na pinagkalooban ng karampatang kapangyarihan ng kanilang Pamahalaan, ay lumagda sa Protokol na ito.

GINAWA sa tatlong sipi sa Jakarta, Indonesia ng ika 10 araw ng Pebrero, 1976, sa mga wikang Pilipino, Indones at Ingles, pawang mapananaligan ang lahat ng nasasaad. Kapag nagkakaiba ng pakahulugan, mananaig ang nasasaad sa Ingles.

Para sa Pamahalaan  
ng Republika ng Pilipinas:

[Signed — Signé]<sup>1</sup>

Para sa Pamahalaan  
Ng Republika ng Indonesia:

[Signed — Signé]<sup>2</sup>

---

<sup>1</sup> Signed by Vicente Abad Santos — Signé par Vicente Abad Santos.

<sup>2</sup> Signed by Mochtar Kusumaatmadja — Signé par Mochtar Kusumaatmadja.



[INDONESIAN TEXT — TEXTE INDONÉSISIEN]

## PERJANJIAN EKSTRADISI ANTARA REPUBLIK INDONESIA DAN REPUBLIK PHILIPPINA

Republik Indonesia dan Republik Philippina,

Berhasrat untuk mengadakan kerja-sama yang lebih efektif antara kedua negara dalam memberantas kejahatan dan, terutama, mengatur dan meningkatkan hubungan antara mereka dalam masalah ekstradisi,

Telah Mencapai Persetujuan Sebagai Berikut:

### *Pasal I. KEWAJIBAN UNTUK MELAKUKAN EKSTRADISI*

Masing-masing Pihak yang mengadakan Perjanjian bersepakat untuk saling menyerahkan, dalam hal-hal dan sesuai dengan syarat-syarat yang tercantum dalam Perjanjian ini, orang-orang yang diketemukan dalam wilayahnya yang didakwa, dituntut atau dinyatakan bersalah atau dihukum karena melakukan salah satu kejahatan yang dimaksudkan dalam Pasal II Perjanjian ini yang dilakukan dalam wilayah Pihak lainnya atau diluar wilayah tersebut menurut syarat-syarat yang ditentukan dalam Pasal IV.

### *Pasal II. KEJAHATAN YANG DAPAT DIEKSTRADISIKAN*

A. Orang-orang yang diserahkan sesuai dengan ketentuan-ketentuan Perjanjian ini adalah mereka yang didakwa, dituntut atau dihukum karena melakukan salah satu kejahatan yang tersebut dibawah ini, dengan ketentuan bahwa kejahatan itu menurut hukum kedua Pihak yang mengadakan perjanjian dapat dihukum dengan hukuman mati atau perampasan kemerdekaan dengan jangka waktu diatas satu tahun:

1. Pembunuhan berencana, pembunuhan bapak atau ibu sendiri, pembunuhan anak, dan pembunuhan;
2. Perkosaan, perbuatan cabul dengan kekerasan, persetujuan yang tidak sah dengan atau terhadap wanita dibawah umur yang ditentukan oleh hukum pidana dari masing-masing Pihak yang mengadakan Perjanjian;
3. Penculikan, Penculikan anak;
4. Penganiayaan berat yang mengakibatkan cacat badan, penganiayaan, pembunuhan berencana yang gagal atau pembunuhan yang gagal;
5. Penahanan secara melawan hukum atau sewenang-wenang;
6. Perbudakan, perhambaan;
7. Perampokan; pencurian;
8. Penggelapan; penipuan;
9. Pemerasan; ancaman; paksaan;
10. Penyuaipan; korupsi;
11. Pemalsuan dokumen; sumpah palsu;
12. Pemalsuan barang; pemalsuan uang;
13. Penyelundupan;
14. Menimbulkan kebakaran; merusakkan barang;
15. Pembajakan udara; pembajakan laut; pemberontakan dikapal;

16. Kejahatan yang bersangkutan dengan narkotika, obat-obat berbahaya atau terlarang atau bahan-bahan kimia terlarang;
17. Kejahatan yang bersangkutan dengan senjata api, bahan-bahan peledak atau bahan-bahan yang menimbulkan kebakaran.

B. Penyerahan juga akan dilakukan untuk penyertaan dalam salah satu kejahatan yang disebutkan dalam Pasal ini, tidak saja sebagai pelaku utama atau peserta, melainkan juga sebagai pembantu, demikian juga halnya dengan percobaan atau permufakatan jahat untuk melakukan salah satu kejahatan tersebut diatas, bila penyertaan, percobaan atau permufakatan jahat itu dapat dihukum menurut hukum kedua Pihak yang mengadakan Perjanjian dengan hukuman perampasan kemerdekaan diatas satu tahun.

C. Penyerahan dapat juga dilakukan atas kebijaksanaan Pihak yang diminta terhadap sesuatu kejahatan lainnya, yang dapat diserahkan sesuai dengan hukum Kedua Pihak yang mengadakan Perjanjian.

D. Jika penyerahan diminta untuk suatu kejahatan yang tercantum dalam ayat A, B atau C Pasal ini dan kejahatan itu dapat dihukum menurut hukum kedua Pihak yang mengadakan perjanjian dengan hukuman perampasan kemerdekaan diatas satu tahun, kejahatan tersebut dapat diserahkan menurut ketentuan-ketentuan Perjanjian ini tidak peduli apakah hukum kedua Pihak yang mengadakan Perjanjian menempatkan kejahatan itu dalam penggolongan kejahatan yang sama atau menamakannya dengan istilah yang sama, asal saja unsur-unsurnya sesuai dengan salah satu kejahatan-kejahatan atau lebih yang disebutkan dalam Pasal ini menurut hukum kedua Pihak yang mengadakan Perjanjian ini.

### *Pasal III. TEMPAT DILAKUKANNYA KEJAHATAN*

Pihak yang diminta dapat menolak penyerahan orang yang diminta untuk kejahatan yang menurut hukum Pihak yang diminta, dilakukan seluruhnya atau sebagian dalam wilayahnya atau ditempat yang diperlakukan sebagai wilayahnya.

### *Pasal IV. WILAYAH*

A. Didalam Perjanjian ini, yang dimaksud wilayah dari Pihak yang mengadakan Perjanjian, ialah semua wilayah dibawah yurisdiksi Pihak yang mengadakan Perjanjian itu, meliputi ruang-angkasa, wilayah air dan landas kontinen, dan kendaraan-kendaraan air dan pesawat udara yang terdaftar dinegara Pihak yang mengadakan Perjanjian, bila pesawat udara itu sedang dalam penerbangan atau bila kendaraan air itu berada dilaut-bebas waktu kejahatan itu dilakukan. Menurut Perjanjian ini, sebuah pesawat udara akan dianggap berada dalam penerbangan pada saat ketika semua pintunya ditutup untuk embarkasi sampai saat ketika pintu itu dibuka untuk disembarkasi.

B. Bila kejahatan yang dimintakan penyerahannya itu dilakukan diluar wilayah Negara peminta, Pejabat Pelaksana dari Negara yang diminta berwenang untuk melakukan penyerahan jika menurut hukum dari Negara yang diminta, kejahatan yang dilakukan itu dalam keadaan-keadaan yang sama juga diancam dengan hukuman.

C. Penentuan wilayah Pihak yang diminta diatur menurut ketentuan-ketentuan hukum nasionalnya.

### *Pasal V. KEJAHATAN POLITIK*

A. Penyerahan tidak akan dilakukan jika kejahatan yang dimintakan penyerahan itu dianggap oleh Pihak yang diminta sebagai kejahatan politik.

B. Jika timbul persoalan apakah suatu perkara merupakan suatu kejahatan politik, maka keputusan para pejabat dari negara yang diminta akan menentukan.

C. Menghilangkan atau percobaan menghilangkan nyawa Kepala Negara atau Kepala Pemerintahan dari masing-masing Pihak yang mengadakan Perjanjian atau anggota keluarganya tidak akan dianggap sebagai kejahatan politik sebagaimana dimaksud oleh Perjanjian ini.

*Pasal VI. PENYERAHAN WARGA NEGARA*

A. Masing-masing Pihak mempunyai hak untuk menolak penyerahan warganegaranya.

B. Jika Pihak yang diminta tidak menyerahkan warganegaranya, Pihak itu atas permintaan Pihak peminta wajib menyerahkan perkara bersangkutan kepada pejabat yang berwenang dari Pihak yang diminta untuk penuntutan. Untuk maksud ini berkas perkaraberkas perkara, keterangan-keterangan dan bukti-bukti mengenai kejahatan itu wajib diserahkan oleh Pihak peminta kepada Pihak yang diminta.

C. Dengan tidak mengurangi ketentuan dalam ayat B pasal ini, Pihak yang diminta tidak akan diwajibkan untuk menyerahkan perkara itu kepada pejabat yang berwenang untuk melakukan penuntutan jika pejabat yang berwenang itu tidak mempunyai yurisdiksi.

*Pasal VII. PENGECUALIAN DARI KEWAJIBAN UNTUK MENYERAHKAN*

Penyerahan tidak akan dilakukan dalam salah satu dari hal-hal sebagai berikut:

1. Bila orang yang dimintakan penyerahannya telah diadili dan dibebaskan atau telah menjalani hukumannya di Negara ketiga untuk kejahatan yang dimintakan penyerahannya;
2. Bila penuntutan atau pelaksanaan hukuman untuk kejahatan telah gugur karena kedaluwarsa menurut salah satu dari Pihak yang mengadakan Perjanjian;
3. Bila kejahatan merupakan suatu pelanggaran terhadap hukum atau peraturan-peraturan militer yang bukan kejahatan menurut hukum pidana umum.

*Pasal VIII. LARANGAN PENGULANGAN PENUNTUTAN ATAU PERADILAN*

Penyerahan juga tidak akan dilakukan dalam salah satu hal berikut ini:

- A. Bila putusan terakhir pengadilan sudah dijatuhkan oleh pejabat yang berwenang dari Pihak yang diminta terhadap orang yang diminta bertalian dengan kejahatan atau kejahatan-kejahatan yang dimintakan penyerahannya;
- B. Bila orang yang dimintakan penyerahannya sedang atau telah dituntut atau telah diadili dan dibebaskan atau dihukum oleh Negara yang diminta untuk kejahatan yang dimintakan penyerahannya.

*Pasal IX. AZA KEKHUSUSAN*

Seseorang yang diserahkan tidak akan dituntut, dihukum atau ditahan untuk kejahatan apapun yang dilakukan sebelum penyerahannya, selain daripada kejahatan untuk mana ia diserahkan, kecuali dalam hal-hal sebagai berikut:

- (a) Bila Pihak yang diminta menyerahkan orang itu menyetujuinya. Permohonan persetujuan disampaikan kepada Pihak yang diminta, disertai dengan dokumen-dokumen yang disebut dalam Pasal XVII. Persetujuan akan diberikan jika kejahatan itu termasuk kejahatan yang dapat dimintakan penyerahannya sesuai dengan ketentuan-ketentuan dalam Pasal II Perjanjian ini; dan
- (b) Bila orang itu setelah mempunyai kesempatan untuk meninggalkan wilayah Pihak kepada Siapa ia diserahkan, tidak menggunakan kesempatan itu dalam

waktu 45 hari setelah pembebasannya, atau kembali lagi ke wilayah itu sesudah ia meninggalkannya.

*Pasal X. HUKUMAN MATI*

Jika kejahatan yang dimintakan penyerahannya dapat dihukum dengan hukuman mati menurut hukum Pihak peminta, tetapi jika untuk kejahatan itu tidak ditentukan hukuman mati oleh hukum Pihak yang diminta atau jika hukuman mati biasanya tidak dilaksanakan, maka penyerahan dapat ditolak kecuali apabila Pihak peminta dapat memberikan jaminan yang oleh Pihak yang diminta dipandang cukup bahwa hukuman mati tidak akan dilaksanakan.

*Pasal XI. PENAHANAN SEMENTARA*

(1) Dalam keadaan mendesak pejabat yang berwenang dari Pihak peminta dapat meminta penahanan sementara terhadap seseorang yang dicari. Pejabat-pejabat yang berwenang dari Pihak yang diminta akan mengambil keputusan sesuai dengan ketentuan-ketentuan hukumnya.

(2) Dalam permintaan untuk penahanan sementara diterangkan bahwa dokumen-dokumen yang disebut dalam Pasal XVII tersedia dan bahwa ada maksud untuk menyampaikan permintaan penyerahan. Diterangkan juga untuk kejahatan apa penyerahan itu akan diminta, bila dan dimana kejahatan itu dilakukan dan sedapat mungkin wajib memuat uraian tentang orang yang dicari.

(3) Permintaan untuk penahanan sementara disampaikan di Indonesia kepada National Central Bureau (NCB) Indonesia/Interpol dan di Philippina kepada National Bureau of Investigation, atau melalui saluran diplomatik atau langsung dengan pos atau telegram atau melalui International Criminal Police Organization (INTERPOL).

(4) Pejabat Pihak peminta akan diberitahukan dengan segera keputusan atas permintaannya.

(5) Penahanan Sementara dapat diakhiri, jika dalam waktu 20 hari setelah penahanan Pihak yang diminta tidak menerima permintaan penyerahan dan dokumen-dokumen yang disebut dalam Pasal XVII.

(6) Pembebasan seseorang dari penahanan sementara tidak menghalangi penahanan kembali dan penyerahan jika permintaan untuk penyerahan diterima sesudah itu.

*Pasal XII. PENYERAHAN ORANG YANG AKAN DISERAHKAN*

(1) Pihak yang diminta akan memberitahukan keputusannya tentang permintaan penyerahan kepada Pihak peminta melalui saluran diplomatik.

(2) Untuk setiap permintaan yang ditolak wajib diberikan alasan-alasannya.

(3) Jika permintaan disetujui, Pihak peminta wajib diberi tahu tentang tempat dan tanggal penyerahan dan lamanya orang yang bersangkutan ditahan untuk maksud penyerahan.

(4) Jika orang yang diminta penyerahannya tidak diambil pada tanggal yang ditentukan, maka dengan tidak mengurangi ketentuan-ketentuan dalam ayat (5) pasal ini ia dapat dilepaskan sesudah lampau 15 hari dan bagaimanapun juga wajib dilepaskan sesudah lampau 30 hari dan Pihak yang diminta dapat menolak penyerahannya untuk kejahatan yang sama.

(5) Jika keadaan diluar kekuasaannya tidak memungkinkan suatu Pihak untuk menyerahkan atau mengambil orang yang bersangkutan, maka Pihak itu wajib memberitahukan Pihak lainnya. Kedua Pihak akan menetapkan bersama tanggal

lain untuk penyerahan. Dalam hal demikian akan berlaku ketentuan-ketentuan dari ayat (4) Pasal ini.

*Pasal XIII.* PENYERAHAN YANG DITUNDA

Pihak yang diminta, sesudah mengambil keputusan tentang permintaan penyerahan, dapat menunda penyerahan orang yang diminta, supaya orang itu dapat diperiksa, atau jika ia sudah dijatuhi hukuman, supaya orang itu dapat menjalani hukumannya dalam wilayah Pihak itu untuk kejahatan lain daripada kejahatan yang dimintakan penyerahannya.

*Pasal XIV.* PENYERAHAN BARANG

(1) Pihak yang diminta, sepanjang hukumnya memperbolehkan dan atas permintaan dari Pihak peminta wajib mensita dan menyerahkan barang:

- (a) yang mungkin diperlukan sebagai bahan pembuktian, atau
- (b) yang diperoleh sebagai hasil dari kejahatan itu dan yang terdapat pada orang yang dituntut pada waktu penahanan dilakukan atau yang diketemukan sesudah itu.

(2) Barang yang disebut dalam ayat (1) Pasal ini wajib diserahkan, sekalipun ekstradisi yang telah disetujui tidak dapat dilakukan karena kematian orang yang diminta penyerahannya atau karena ia melarikan diri.

(3) Apabila barang tersebut dapat disita atau dirampas dalam wilayah dari Pihak yang diminta, maka dalam hubungan dengan proses pemeriksaan perkara yang sedang berjalan, Pihak ini dapat menahannya untuk sementara atau menyerahkannya dengan syarat bahwa barang itu akan dikembalikan.

(4) Setiap hak yang mungkin diperoleh Pihak yang diminta atau Negara lain atas barang tersebut wajib dijamin. Dalam hal demikian, barang tersebut wajib dikembalikan tanpa biaya kepada Pihak yang diminta secepat mungkin sesudah pemeriksaan pengadilan selesai.

*Pasal XV.* TATA CARA

Tata-cara mengenai penyerahan dan penahanan sementara dari orang yang diminta penyerahannya, akan tunduk semata-mata pada hukum Pihak yang diminta.

*Pasal XVI.* BIAYA-BIAYA

Biaya-biaya yang dikeluarkan dalam wilayah Pihak yang diminta berkenaan dengan penyerahan akan ditanggung oleh Pihak itu.

*Pasal XVII.* SURAT PERMINTAAN DAN DOKUMEN-DOKUMEN YANG DIPERLUKAN

(1) Permintaan penyerahan wajib dinyatakan secara tertulis dan dikirim di Indonesia kepada Menteri Kehakiman dan di Philippina kepada Secretary of Justice, melalui saluran diplomatik.

(2) Permintaan penyerahan wajib disertai:

- (a) Lembaran asli atau salinan yang disahkan dari penghukuman dan pidana yang dapat segera dilaksanakan atau surat perintah penahanan atau surat perintah lainnya yang mempunyai akibat yang sama dan dikeluarkan sesuai dengan tata-cara yang ditetapkan dalam hukum Pihak peminta;
- (b) Keterangan dari kejahatan yang dimintakan penyerahannya. Waktu dan tempat kejahatan dilakukan, uraian juridis dan penunjukan pada ketentuan-ketentuan hukum yang bersangkutan diuraikan secermat mungkin; dan

- (c) Salinan dari peraturan-peraturan yang bersangkutan atau jika ini tidak mungkin suatu keterangan tentang hukum yang bersangkutan dan uraian secermat mungkin dari orang yang diminta penyerahannya bersama-sama dengan keterangan lain apapun juga yang dapat membantu menentukan identitas dan kebangsaan-nya.
- (3) Dokumen-dokumen yang digunakan dalam proses penyerahan akan dibuat dalam bahasa Inggris.

*Pasal XVIII.* PERMINTAAN LEBIH DARI SATU

Pihak yang mengadakan perjanjian yang menerima dua permintaan atau lebih untuk penyerahan orang yang sama baik untuk kejahatan yang sama maupun untuk kejahatan-kejahatan yang berbeda, akan menentukan kepada Negara-negara peminta mana Pihak tersebut akan menyerahkan orang yang dicari, dengan mempertimbangkan keadaan dan terutama kemungkinan penyerahan kemudian diantara Negara-negara peminta, sifat beratnya setiap kejahatan, tempat dilakukannya kejahatan, kewarga-negaraan orang yang dicari, tanggal diterimanya permintaan, dan ketentuan-ketentuan dalam perjanjian ekstradisi antara Pihak itu dengan Negara atau Negara-negara peminta lainnya.

*Pasal XIX.* PENYELESAIAN PERSELISIHAN

Setiap perselisihan yang timbul antara kedua Pihak karena penafsiran dan pelaksanaan dari Perjanjian ini akan diselesaikan secara damai dengan musyawarah atau perundingan.

*Pasal XX.* KETENTUAN PERALIHAN

Suatu kejahatan yang telah dimulai sebelum tanggal Perjanjian ini mulai berlaku akan tetapi diselesaikan setelah tanggal Perjanjian ini dimulai berlaku akan diserahkan sesuai dengan Perjanjian ini.

*Pasal XXI.* MULAI BERLAKUNYA PERJANJIAN

Perjanjian ini mulai berlaku pada tanggal penukaran Piagam Ratifikasi.

*Pasal XXII.* BERAKHIRNYA PERJANJIAN

Perjanjian ini dapat diakhiri setiap waktu oleh salah satu Pihak dengan memberitahukan maksud untuk melakukan itu 6 (enam) bulan sebelumnya. Pengakhiran Perjanjian yang demikian itu tidak akan menghalangi suatu proses yang telah dimulai sebelum pemberitahuan demikian dilakukan.

UNTUK MENYAKSIKANNYA, yang bertanda tangan dibawah ini yang dikuasakan secara sah oleh masing-masing Pemerintahnya telah menandatangani Perjanjian ini.

DIBUAT dalam rangkap dua di Jakarta pada tanggal sepuluh Pebruari 1976, dalam bahasa Indonesia, Pilipino dan bahasa Inggris, semua naskah adalah sama-sama sahnyanya. Dalam hal terjadi perbedaan tafsiran, maka naskah bahasa Inggris menentukan.

Untuk Pemerintah  
Republik Indonesia:  
[Signed — Signé]<sup>1</sup>

Untuk Pemerintah  
Republik Philippina:  
[Signed — Signé]<sup>2</sup>

<sup>1</sup> Signed by Mochtar Kusumaatmadja — Signé par Mochtar Kusumaatmadja.

<sup>2</sup> Signed by Vicente Abad Santos — Signé par Vicente Abad Santos.

## PROTOKOL

Republik Indonesia dan Republik Philippina, berhasrat untuk menghindari penafsiran yang berlainan atas bagian dari Perjanjian Ekstradisi yang menyinggung hal wilayah, telah mencapai persetujuan sebagai berikut:

Bahwa Republik Indonesia adalah pemilik tunggal dari pulau yang dikenal sebagai Las Palmas (P. Miangas) sebagai hasil dari putusan perwasitan yang dilakukan pada tanggal 4 April 1928 (Amerika Serikat dan Negeri Belanda).

UNTUK MENYAKSIKANNYA, yang bertanda tangan dibawah ini, yang dikuasakan secara sah oleh masing-masing Pemerintahnya, telah menanda-tangani Protokol ini.

DIBUAT dalam rangkap dua di Jakarta pada tanggal sepuluh Pebruari 1976.

Untuk Pemerintah  
Republik Indonesia:  
[Signed — Signé]<sup>1</sup>

Untuk Pemerintah  
Republik Philippina:  
[Signed — Signé]<sup>2</sup>

---

<sup>1</sup> Signed by Mochtar Kusumaatmadja — Signé par Mochtar Kusumaatmadja.

<sup>2</sup> Signed by Vicente Abad Santos — Signé par Vicente Abad Santos.